



## WORD

<sup>36</sup>"Kaya dapat malaman ng lahat ng Israelita na itong si Jesus na ipinapako ninyo sa krus ang siyang pinili ng Diyos na maging Panginoon at Cristo."<sup>37</sup>Nang marinig iyon ng mga tao, tumagos ito sa kanilang puso. Kaya nagtanong sila kay Pedro at sa kanyang kasamang mga apostol, "Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?" **MGA GAWA 2:36,37**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:22-32.**)

Hindi nagsimula sa mabuting balita si Pedro nang ipangaral niya ang ebanghelyo sa mga Hudyo sa Jerusalem. Pinaalalahanan sila na kahit pa gumawa si Jesus ng *mga himala* at iba pang bagay na kamangha-mangha, Siya ay ipinako pa rin sa krus at namatay sa kamay ng mga makasalanang tao. Binuhay Siyang muli ng Diyos. Pinakita nito sa lahat ng tao na ang Kanyang kapangyarihan ay hindi mapipigilan maging ng kamatayan. Sa pamamagitan nito, naluklok si Jesus sa Kanyang kanang kamay at pinatunayan na Siya ang Panginoon at Tagapagligtas. Ngayon, titignan natin ang tatlong naaangkop na pagtugon upang alamin at unawain ang ebanghelyo.

## 1 Magpasakop sa Diyos.

"Kaya dapat malaman ng lahat ng Israelita na itong si Jesus na ipinapako ninyo sa krus ang siyang pinili ng Diyos na maging Panginoon at Cristo." **MGA GAWA 2:36**

Ang mga nakikinig kay Pedro, na nagmula pa sa Africa at Europa, ay nakarinig ng balita tungkol sa *mga himala at kamangha-manghang ginawa* ni Jesus. Alam din nila na si Jesus ay ipinako sa krus ng mga sundalong Romano, nang may pagsang-ayon nila. Para sa kanila, tapos na ang mga bagay patungkol kay Jesus. Subalit, ang sinabi ni Pedro ay kakaiba sa kanilang inaasahan: Si Jesu-Cristo ay nabuhay muli at ang Kanyang kapangyarihan ay buhay maging sa Kanyang mga disipulo. Pinatunayan nito na Siya ay Panginoon. Ano ang dapat nating tugon? Magpasakop sa Kanyang Pagkapanginoon. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagkilala kay Cristo bilang Panginoon?

## 2 Magsisi sa mga kasalanan.

<sup>37</sup>. . . "Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?"<sup>38</sup>Sumagot si Pedro sa kanila, "Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo . . ." **MGA GAWA 2:37,38**

Sa mga oras na ito, wala pang nakaka-alam na buhay si Jesus maliban sa Kanyang mga disipulo. Ipinapangaral ni Pedro ang karugtong ng kuwento: nabuhay muli si Cristo upang magdala ng kaligtasan sa lahat, maging sa mga sumang-ayon na maipako Siya sa krus. *Tumagos* ito sa puso ng mga nakikinig at tinanong nila kung ano ang dapat nilang gawin. Gaya nila, ang dapat nating maging tugon ay pagsisisi. Dapat tayong tumalikod sa kasalanan, at magdesisyon na sumunod kay Cristo habambuhay. Bakit kailangan nating magsisi sa sandali na maunawaan natin na tayo ay makasalanang at kailangan natin si Jesus upang tayo ay maligtas? Paano ipinapakita ng bautismo ang pagsisisi sa kasalanan?

## 3 Tumanggap ng kapatawaran.

<sup>38</sup>Sumagot si Pedro sa kanila, "Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan . . ." **MGA GAWA 2:38**

Kung tayo ay magpapasakop sa Pagkapanginoon ni Cristo, kinikilala natin na Siya lamang ang may kapangyarihan na iligtas tayo sa ating mga kasalanan, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa atin. Siya lamang ang makapagbibigay sa atin ng kapatawaran at makatatanggal ng ating mga kasalanan. Ngayong napatawad na tayo, ano ang dapat nating maging tugon sa tuwing may mga taong magkakasala sa atin? (Mga Taga-Colosas 3:13)